Pagkamamamayan

Sa pahinang ito

- Mga seremonya sa pagkamamamayan
- Pag-a-apply ng pagkamamamayan

Mga seremonya sa pagkamamamayan

Dahil sa pandemya sa Coronavirus (COVID-19), naghahatid ang Kagawaran ng mga online na seremonya sa pagkamamamayan sa pamamagitan ng ligtas na video-link para hayaan ang mga aplikanteng naaprubahan nang magpatuloy sa pagiging mga mamamayan ng Australia.

Isasagawa ang mga online na seremonya kasama ng opisyal na mamumuno at karaniwang isang conferee, o isang grupo ng sambahayan kung naninirahan sila sa iisang lokasyon, at mas maikli kaysa mga tradisyonal na personal na seremonya habang tinitiyak na natutugunan ang mga legal na kinakailangan. Patuloy na kabilang sa mga seremonyang isinasagawa online ang mga hakbang sa integridad, tulad ng pagsusuri ng pagkakakilanlan.

Kasunod ng pagluluwag sa mga paghihigpit kaugnay ng COVID-19 sa ilang teritoryo, muli ring inilulunsad ang maliliit na personal na seremonya sa pagkamamamayan mula noong Hunyo 2020. Kailangang sumunod ang ganitong mga seremonya sa mga kasalukuyang ipinag-uutos ng estado o teritoryo sa mga limitasyon ng maliliit na pagtitipon, at tumugon sa mga kinakailangan ng COVIDSafe.

Direktang makikipag-ugnayan sa mga indibiduwal at iimbitahang dumalo sa online na seremonya sa pagkamamamayan o sa isang maliit na personal na seremonya. Hindi mo na kailangang makipag-ugnayan sa Kagawaran o sa iyong lokal na konseho tungkol sa iyong seremonya.

Sa pangkalahatan, may 12 buwan ang mga conferee mula sa kanilang abiso ng pag-apruba para dumalo sa isang seremonya at manumpa ng pananagutan. Ngunit sa panahon ng COVID-19, hindi makakansela ang pag-apruba ng pagkamamamayan kung hindi nakadalo ang conferee sa isang seremonya sa loob ng 12 buwang panahon ng ito.

Pag-a-apply ng pagkamamamayan

Tinatanggap ang mga bagong aplikasyon para sa pagkamamamayan ng Australia.

Nagpapatuloy ang pagpoproseso ng lahat ng aplikasyon sa pagkamamayan ng Australia na isinumite na sa Kagawaran.

Nagsimula na ulit ang mga personal na panayam para sa pagkamamamayan at mga pagsusulit sa pagkamamamayan sa Kanluraning Australia lamang noong Hulyo 6, 2020. Makikipag-ugnayan sa mga kwalipikadong indibiduwal at iimbitahan silang pumunta para sa isang panayam o pagsusulit sa pagkamamamayan. Hindi mo na kailangang makipag-ugnayan sa Kagawaran o sa iyong lokal na konseho tungkol sa iyong panayam o pagsusulit sa pagkamamamayan.

Unti-unti naming sisimulang muli ang mga panayam at pagsusulit sa pagkamamamayan sa iba pang estado at teritoryo kapag ligtas na itong gawin.